Paunang Salita

Pagbati!

Hangad ng proyektong Kuwentong Supling na maipabatid, maipamulat, at maipalaganap sa mga kabataang Pilipino mag-aaral ang yaman at kahalagahan ng ating mga panitikang rehiyunal.

Sa pamamagitan ng mga alamat, kaalamang - bayan, kuwentong-bayan, pabula, kasabihan, at iba pang anyo ng panitikang oral ay malalaman at sana'y maisapuso ng mga kabataan ang mga kaalaman, paraan ng pag-iisip, karanasan, pananaw sa buhay, paniniwala, pag-uugali, batayan ng pagkilos, at pakikipag-ugnayan sa kapwa at sa kalikasan.

Yaman ng kultura at mga wika ang ibinabahagi ng naturang Proyekto. Napakahalaga nito lalo sa kasalukuyan na unti-unting nilulusaw o pinalalabnaw sa isipan ng mga kabataang Pilipino ang kanyang identidad, kasaysayan, at karunungang lokal bunga ng mga umiiral na kondisyong global at internasyunal lalo sa larangan ng edukasyon.

Ang handog ng panitikang Cebuano na nasa sariling wika ay isinalin sa Filipino upang maibahagi sa mga kababayan sa iba't ibang parte ng Kapuluan.

Umaasa ang PCEP-NCCA na sa pamamagitan ng Proyektong Kuwentong Supling ay mapanatili sa isipan at damdamin ng kabataang Pilipino ang katangian, kahalagahan, at kalikasan ng kanilang sariling kultura at wika.

Maraming salamat at mabuhay ang Panitikang Pilipino!

Pamela C. Constantino, Ph.D.
Unibersidad ng Pilipinas at
PCEP-GDCE
Agosto 2020